

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Itinataguyod ng Lungsod ng Brampton ang Patas na Deal sa halaga ng insurance sa sasakyan

BRAMPTON, ON (Abril 26, 2021) – Dahil sa mga residenteng nagbabayad ng pinaka-mataas na halaga ng insurance sa sasakyan sa lalawigan, at patuloy na pag-akyat ng mga halaga ng insurance sa sasakyan sa Ontario, ang Lungsod ng Brampton ay nananawagan sa Pamahalaang Panlalawigan na pabilisin ang pagrepaso at reporma sa mga halaga ng insurance sa sasakyan.

Sa araw na ito, inumpisahan ng Konseho ng Lungsod ang kampanyang **#FairDealForBrampton** para itaguyod ang patas na deal para sa mga residente ng Brampton para sa insurance sa sasakyan. Ang insurance sa sasakyan ay isang malaking parte ng gastusin ng pamilya, at ang mga residente ay nagbabayad ng halagang tinatayang 123 porsyentong mas mataas pa sa karaniwang drayber sa Ontario.

Patuloy na nakikita ng mga drayber sa Brampton ang iba-ibang bayarin sa insurance sa sasakyan batay sa mga postal code sa buong lungsod, na may rate na sintaas ng \$3,301, na mas malaki nang dalawang beses sa average ng lalawigan. Pwede na ngayong magsabi ng opinyon ang mga residente at suportahan ang kampanya ng Lungsod na **FairDealForBrampton**:

- Pagpirma sa [online na petisyon sa website ng Lungsod ng Brampton](#), naka-address papunta sa [inyong lokal na Member of Provincial Parliament \(MPP\)](#), na ipinaalam sa kanila na inaasahan ninyo silang maging bahagi ng solusyon para sa Brampton. Kokolektahin ng Lungsod ang lahat ng petisyon na natanggap at isumite ang mga ito sa may kaugnayang mga MPP.
- Pagtulong na maikalat ang balita tungkol sa kampanyang **#FairDealForBrampton** sa mga kapitbahay, kapamilya at mga kaibigan sa [Twitter](#), [Facebook](#) at [Instagram](#) at pananatiling up-to-date sa pinakahuling balita, mahalagang mga katotohanan at impormasyon sa kampanya. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kampanya, bisitahin ang website ng Brampton na **#FairDealForBrampton** sa pamamagitan ng pag-click [dito](#)

Mga Quote

“Habang ang mga pamilya sa Brampton, at sa buong Ontario, ay nakikipaglaban sa pinansyal na mga hamon na nagmula sa pandemya ng COVID-19, kailangang magtutulongan ang mga pamahalaan para tugunan ang umaakyat na mga gastos sa insurance sa sasakyan. Dapat noon pa ang pagbabago at kailangang wakasan natin ang diskriminasyon sa postal code sa pagtukoy sa halaga ng insurance. Magkasama, maaaring sabihin ng mga tao ang kanilang opinyon tungkol sa napakataas halaga ng insurance sa sasakyan at makakuha ng **#FairDealForBrampton**.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang mga drayber ng Brampton ay nagbabayad ng mas mataas na halaga ng insurance sa sasakyan kaysa sa iba sa lalawigan dahil sa mga postal code sa loob ng napakahabang panahon. Panahon na para tuparin ng Pamahalaang Panlalawigan ang pangako nito na rebyuhin at ireporma ang halaga ng insurance sa sasakyan. Panahon na para tayo ay magkaroon ng **#FairDealForBrampton**.”

- *Gurpreet Dhillon, Rehiyonal na Konsehal, Wards 9 at 10, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad,

hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca